BABALA SA SEGURIDAD

Mag-ingat sa Lottery Fraud
(Panlilinlang sa Loterya)

Lubhang napakaganda nito na parang hindi na totoo. Hindi inaasahan ay nakatanggap ka ang tawag o e-mail na nagsasabi sa iyo na ikaw ang suwerteng nanalo sa isang loterya sa ibang bansa. Maaaring ito ay Canada. Maaaring ito ay Spain, o iba pang bansa. Maaaring nanalo ka ng daan-dang libo, o maaaring milyon-milyong dolyar.

Parang lehitimo ito. Ang tao sa kabilang linya ay ahente ng buwis o kinatawan ng ilang iba pang organisasyon ng gobyerno. Tila mapagkakatiwalaan at tapat ang tumatawag. Siya ay may mga kasagutan sa lahat ng iyong mga tanong at nagmamadaling maibigay kaagad ang pera sa iyo sa lalong madaling panahon. Mayroon lang isang problema. Para maipadala ng tumatawag ang pondo, dapat mo munang bayaran ang anumang buwis o bayarin kaugnay ng iyong mga napanalunan.

Maaaring nag-atubili ka sa puntong ito. Subalit kapani-paniwala ang tumatawag. At sa kabila ng lahat, ano ba naman ang ilang libong dolyar ngayon, kapag natanggap mo milyun-milyon sa loob ng ilang araw o linggo?

Binilinan ka ng tumatawag na ipadala ang mga buwis o bayarin gamit ang isang serbisyo sa pagpapadala ng pera. Ito'y mabilis, ito'y madali at mas mabilis nitong maipapadala ang pera sa iyo. Kung kaya ipapadala mo ang pera. Pero teka. Tila may mga karagdagang bayarin na dapat bayaran at binilinan kang magpadala ng mga karagdagang pondo – muli gamit ang isang serbisyo sa pagpapadala ng pera.

Patuloy ang mga tawag hanggang sa hindi mo na kaya o gustong magpadala ng pera. Sa kasawiang-palad, ang mga napanalunan sa loterya ay hindi kailanman matatanggap. Naging biktima ka ng scam.

Lubos na sineseryoso ng Western Union ang problemang panlilinlang sa consumer. Pinahahalagahan namin ang aming mga consumer at alam namin na pinaghihirapan nila ang kanilang pera. Kapag nalamangan ang aming mga consumer sa pagiging biktima ng panlilinlang, pakiwari namin ay nalamangan din kami. Kung kaya kumikilos kami upang ipaalam ang iba't-ibang uri ng panlilinlang sa consumer.

Mga lottery scam

Sino ba ang nabibiktima ng mga lottery scam? Kung minsan ay ang mga walang kamalay-malay. Kung minsan ay ang mga taong minamalas - mga taong dahil sa kalagayan ng buhay ay handang makipag-sapalaran para sa pagkakataong mas gumanda ang buhay. Sa kasawiang-palad, ang mga pakikipag-sapalaran na ito ay bibihira, kung mayroon man, mauwi sa maganda. Bagama't ang mga ahensiya ng batas ay matiyagang kumikilos upang mahuli ang mga kriminal na ito, ang consumer ay bibihirang makabawi sa kanilang mga kalugihan.

Narito ang ilang tip upang maiwasan kayong mabiktima ng lottery scam:

- Ang serbisyong Western Union Money Transfer ay isang magandang paraan para magpadala ng pera sa mga taong iyong kilala at pinagkakatiwalaan. Hindi namin

BABALA SA SEGURIDAD

- inirerekomenda ang paggamit ng serbisyong ito kapag nagpapadala ng pera sa hindi kakilala o isang tao na ang pagkakakilanlan ay hindi mo matiyak.

- Ang mga lehitimong organisasyon ay hindi hihingi ng pera bago nila igawad ang mga napanalunan sa loterya o iba pang premyo.

- Kung nag-aalala ka tungkol sa isang paghihingi ng pera, makipag-usap sa mga kapamilya o abogado o maging ang local na pulis bago gawin ang huling pinansiyal na desisyon na magpadala ng pera para sa premyo sa loterya.

- Tandaan na iligal sa kahit sino mula sa ibang bansa na humingi ng bayad sa napagbentahan ng ticket sa loterya sa Estados Unidos.

- Tandaan, kung ang isang bagay ay lubhang napakaganda na parang hindi na totoo, malamang na ganoon nga ito.

# # #